Tagalog

# Charity—a Sign of True Discipleship

By Elder Michael B. Strong
*Of the Seventy*

# Pag-ibig sa Kapwa-tao—Isang Palatandaan ng Tunay na Pagkadisipulo

Ni Elder Michael B. Strong
*Ng Pitumpu*

April 2025 general conference

---

*The real destination of discipleship is literally to become as Jesus Christ is.*

*Ang tunay na patutunguhan ng pagkadisipulo ay literal na maging katulad ni Jesucristo.*

President Russell M. Nelson recently invited us to "make our discipleship our highest priority." That powerful invitation has stirred me to ponder deeply about my personal discipleship of Jesus Christ.

Inanyayahan tayo kamakailan ni Pangulong Russell M. Nelson na "unahin natin higit sa lahat ang ating pagiging disipulo." Ang makapangyarihang paanyaya na iyon ay nagbigay-inspirasyon sa akin na pagnilayang mabuti ang aking personal na pagkadisipulo kay Jesucristo.

## Discipleship Is Deliberate

## Ang Pagkadisipulo ay Sinasadya

A disciple is a follower or student of another. Disciples are "apprentices" who devote their lives to becoming like their teacher. Thus, being a disciple of Jesus Christ implies more than believing His teachings and doctrine. It even implies more than acknowledging His divinity and accepting Him as our Savior and Redeemer, as vitally important as that is.

Ang disipulo ay isang tagasunod o estudyante ng isa pa. Ang mga disipulo ay "mga alagad" na naglalaan ng kanilang buhay upang maging tulad ng kanilang guro. Samakatwid, ang pagiging disipulo ni Jesucristo ay tumutukoy sa higit pa sa paniniwala sa Kanyang mga turo at doktrina. Ito ay higit pa nga sa pagkilala sa Kanyang kabanalan at pagtanggap sa Kanya bilang ating Tagapagligtas at Manunubos, bagaman mahalaga rin iyon.

President Dallin H. Oaks explained: "Following Christ is not a casual or occasional practice. It is a continuous commitment and way of life that should guide us at all times and in all places." Discipleship is a deliberate journey that we take to become transformed through the Lord's atoning sacrifice and His enabling power. The real destination of discipleship is literally to become as Jesus Christ is—even to the point where we receive "his image in [our] countenances."

Ipinaliwanag ni Pangulong Dallin H. Oaks: "Ang pagsunod kay Cristo ay hindi isang kaswal o paminsan-minsang gawain. Ito ay tuloy-tuloy na katapatan at paraan ng pamumuhay na dapat na gumabay sa atin sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar." Ang pagkadisipulo ay isang sadyang paglalakbay na ginagawa natin upang magbago sa pamamagitan ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Panginoon at ng Kanyang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan. Ang tunay na patutunguhan ng pagkadisipulo ay literal na maging katulad ni Jesucristo—maging hanggang sa punto kung saan matatanggap natin "ang Kanyang larawan sa [ating] mga mukha."

To be the Lord's disciples, we must inten-

Upang maging disipulo ng Panginoon,

tionally imitate His thoughts and actions every day—for example, His obedience, humility, and patience. As we gradually incorporate these attributes into our own identities, we become "partakers of [His] divine nature."This emulation of the Savior's character is at the heart of worshipping Him. As President Nelson taught, "Our adoration of Jesus is best expressed by our emulation of Jesus."

dapat nating sadyaing tularan ang Kanyang mga kaisipan at gawi araw-araw—halimbawa, ang Kanyang pagsunod, pagpapakumbaba, at pagtitiyaga. Habang paunti-unti nating iniaangkop ang mga katangiang ito sa ating identidad, tayo ay nagiging mga "kabahagi [sa Kanyang] likas na katangian."Ang pagtulad na ito sa katangian ng Tagapagligtas ang pinakamahalagang bahagi ng pagsamba sa Kanya. Tulad ng itinuro ni Pangulong Nelson, "Ang ating pagsamba kay Jesus ay pinakamainam na naipapahayag sa pamamagitan ng ating pagtulad kay Jesus."

## The Sign of True Discipleship

## Ang Palatandaan ng Tunay na Pagkadisipulo

Of all the many divine attributes of Jesus Christ we are to emulate, one stands preeminent and embodies all others. That attribute is His pure love, or charity. Both the prophet Mormon and the Apostle Paul remind us that without charity, "[we] are nothing."Or, as revealed to the Prophet Joseph Smith, without "charity, [we] candonothing."

Sa lahat ng maraming banal na katangian ni Jesucristo na tutularan natin, may isang nakahihigit at kumakatawan sa lahat. Ang katangiang iyon ay ang Kanyang dalisay na pag-ibig, o ang pag-ibig sa kapwa-tao. Kapwa si propetang Mormon at si Apostol Pablo ay nagpapaalala sa atin na kung walang pag-ibig sa kapwa-tao, "wala [tayong] kabuluhan."O, tulad ng inihayag kay Propetang Joseph Smith, kung walang "pag-ibig sa kapwa-tao, wala [tayong]magagawa."

The Savior Himself identified love as a mark or sign by which His true disciples would be recognized when He declared:

Tinukoy ng Tagapagligtas mismo ang pag-ibig bilang marka o tanda kung paano matutukoy ang Kanyang mga tunay na disipulo nang sabihin Niya:

"A new commandment I give unto you, That ye love one another; as I have loved you, that ye also love one another.

"Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y magmahalan sa isa't isa. Kung paanong minahal ko kayo, magmahalan din kayo sa isa't isa.

"Bythis shall all men know that ye are my disciples, if ye have love one to another."

"Sa pamamagitannito ay makikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pag-ibig sa isa't isa."

Charity is a rich concept that can be difficult to define but is easily perceived by all who are touched by it.Preach My Gospelteaches that "charity, like faith, leads to action."Indeed, charity may be described as "love in action." This description provides great insight into the summary statement of the Savior's life—He "went about doing good."

Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay isang makabuluhang konsepto na maaaring mahirap bigyang-kahulugan pero madaling maunawaan ng lahat ng naaantig nito. AngMangaral ng Aking Ebanghelyoay nagtuturo na "ang pag-ibig sa kapwa-tao, tulad ng pananampalataya, ay humahantong sa pagkilos."Tunay nga, ang pag-ibig sa kapwa-tao ay maaaring ilarawan bilang "pag-ibig na may pagkilos." Ang paglalarawan na ito ay nagbibigay ng magandang kabatiran sa buod na pahayag ng buhay ng Tagapagligtas—"naglibot siya na gumagawa ng mabuti."

As followers of Jesus Christ, we should seek to emulate the way our Master demonstrated His pure love for others. Although the Savior mani-

Bilang mga tagasunod ni Jesucristo, dapat nating hangarin na tularan ang paraan kung paano ipinakita ng ating Guro ang Kanyang dalisay

fests charity in many ways, I would like to call attention to three particular patterns of His charity that are readily seen in His true disciples.

## Charity Is Showing Compassion

First, the Savior showed charity by being compassionate. During His ministry among the Nephites, as recorded in the Book of Mormon, the Lord invited the people to return home and ponder on the things He had taught and to prepare for His return the following day.The record then states:

"They were in tears, and did look steadfastly upon him as if they would ask him to tarry a little longer with them.

"And he said unto them: Behold, my bowels are filled with compassion towards you."

Compassion is the portion of charity that seeks to alleviate suffering.Filled with compassion, the Lord healed the sick and afflicted among the people. Afterward, He blessed their children while angels descended from heaven and surrounded them.He performed these tender, loving acts, and many more, because He was "moved with compassion."

While serving as a young missionary in South America, I likewise benefited from the compassion of a dear friend. One evening while I was driving with my companion to the home of our mission president, a young man on a bicycle turned suddenly in front of the vehicle. It happened so quickly that I could not avoid the collision. Tragically, this young man was killed by the impact. I was devastated over the loss of his life. Terrified and in shock as the awful reality of what had just occurred crashed down upon me, I was taken to jail and locked up.I have never felt more frightened and alone. I was filled with despair and fear that I would be imprisoned for the rest of my life.

A fellow missionary, Elder Brian Kochevar, learned of the accident and was moved by compassion. He came to the jail and pled with

na pag-ibig para sa iba. Bagaman ang Tagapagligtas ay nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa-tao sa maraming paraan, nais kong magbigay-pansin sa tatlong partikular na huwaran ng Kanyang pag-ibig sa kapwa-tao na madaling makita sa Kanyang mga tunay na disipulo.

## Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Pagpapakita ng Pagkahahabag

Una, ang Tagapagligtas ay nagpakita ng pag-ibig sa kapwa-tao sa pamamagitan ng pagiging mahabagin. Sa Kanyang ministeryo sa mga Nephita, na nakatala sa Aklat ni Mormon, inanyayahan ng Panginoon ang mga tao na umuwi at pagnilayan ang mga bagay na itinuro Niya at maghanda para sa Kanyang pagbabalik kinabukasan.Pagkatapos ay ipinapahayag sa tala:

"Sila ay luhaan, at nakatitig sa kanya na waring kanilang hinihiling sa kanya na magtagal pa nang kaunti sa piling nila.

"At kanyang sinabi sa kanila: Masdan, ang aking sisidlan ay puspos ng pagkahahabag sa inyo."

Ang pagkahahabag ang bahagi ng pag-ibig sa kapwa-tao na naghahangad na ibsan ang pagdurusa.Puno ng pagkahahabag, pinagaling ng Panginoon ang maysakit at nahihirapan sa mga tao. Pagkatapos, binasbasan Niya ang kanilang mga anak habang ang mga anghel ay bumababa mula sa langit at pinalilibutan sila.Isinagawa Niya ang malalambing at magiliw na mga pagkilos na ito at marami pang iba dahil "nahahabag siya sa kanila."

Habang naglilingkod ako noon bilang bata pang missionary sa Timog Amerika, nakinabang din ako sa pagkahahabag ng isang malapit na kaibigan. Isang gabi habang nagmamaneho ako kasama ang aking kompanyon papunta sa tahanan ng aming mission president, biglang lumiko ang isang bata pang lalaki sa harapan ng sasakyan. Napakabilis ng pangyayari kaya hindi ko na naiwasan ang salpukan. Sa kasamaang-palad, ang bata pang lalaki na ito ay namatay sa salpukan. Nanlumo ako sa pagkamatay niya. Takot at sindak habang ang kakila-kilabot na katotohanan ng nangyari ay dumagok sa akin, dinala ako sa bilangguan at ikinulong.Hindi pa ako nakadama ng higit na takot at pag-iisa noon. Ako ay napuno ng dalamhati at takot na makukulong ako habambuhay.

Nalaman ng isang kapwa missionary, si Elder Brian Kochevar, ang tungkol sa aksidente at nahabag siya. Nagpunta siya sa bilangguan at na-

the officers to be allowed to stay with me in the cell so that I would not be alone. Miraculously, they agreed. To this day, I feel profound gratitude for this disciple's act of Christlike love, which calmed, comforted, and consoled me during the greatest moment of distress in my life.His charitable compassion was a telling sign of his discipleship. As President Nelson observed, "One of the easiest ways to identify atrue followerof Jesus Christ is how compassionately that person treats other people."

kiusap sa mga opisyal na pahintulutan siyang samahan ako sa selda upang hindi ako mapag-isa. Himalang pumayag sila. Hanggang ngayon, nakadarama ako ng matinding pasasalamat para sa pagkilos ng disipulong ito na may pag-ibig na tulad ng kay Cristo, na nagpakalma, nagpanatag, at umalo sa akin sa panahon ng pinakamalalang pagkabalisa sa aking buhay.Ang kanyang pagkahabag na may pag-ibig sa kapwa-tao ay isang malinaw na palatandaan ng kanyang pagkadisipulo. Tulad ng napansin ni Pangulong Nelson, "Isa sa pinakamadadaling paraan para makilala ang isangtunay na tagasunodni Jesucristo ay kung gaano niya tinatrato nang may pagkahabag ang ibang tao."

## Charity Is Ministering to Unspoken Needs

Another example of how the Savior demonstrates His love is through His observance of and ministry to the unspoken needs of others. To the man who had been lame for 38 years with no one to help him, the Lord made him whole and encouraged him to live righteously.To the woman caught in adultery, He offered hope and comfort rather than condemnation.For the man with paralysis who was lowered from the roof, the Lord offered forgiveness of sins, not just healing of body.

When I was called to serve as a bishop, our six young children made sacrament meetings challenging for my wife, Cristin, who had to manage them alone while I sat on the stand. As you may imagine, our children were often less than reverent. Noticing her situation, two members of our ward, John and Debbie Benich, began sitting with her each Sunday to help. Their kindness continued for years, and they became surrogate grandparents to our family. Like the Lord, these disciples had noticed the unspoken need and acted in love—a prominent sign of their discipleship.

## Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Pagtugon sa mga Hindi Binabanggit na Pangangailangan

Ang isa pang halimbawa kung paano ipinapakita ng Tagapagligtas ang Kanyang pag-ibig ay sa pamamagitan ng Kanyang pagpansin at pagtugon sa mga hindi binabanggit na pangangailangan ng iba. Sa lalaking nalumpo sa loob ng 38 taon na walang tumutulong sa kanya, pinagaling siya ng Panginoon at hinikayat na mamuhay nang matwid.Sa babaeng nahuling nangangalunya, nagbigay Siya ng pag-asa at pag-alo sa halip na paghatol.Para sa lalaking paralisado na ibinaba mula sa bubong, ang Panginoon ay nagbigay ng kapatawaran ng mga kasalanan, hindi lamang paggaling ng katawan.

Noong ako ay tinawag bilang bishop, ginawang hamon ng aming anim na maliliit na anak ang mga sacrament meeting para sa aking asawang si Cristin, na kinailangang magbantay sa kanila habang nakaupo ako sa unahan. Tulad ng iniisip ninyo, ang aming mga anak ay madalas na hindi mapitagan. Napansin ang kanyang sitwasyon, dalawang miyembro ng aming ward, sina John at Debbie Benich, ang nagsimulang umupo sa tabi niya tuwing araw ng Linggo para tumulong. Nagpatuloy nang maraming taon ang kanilang kabaitan, at sila ay naging parang lolo at lola ng aming pamilya. Tulad ng Panginoon, napansin ng mga disipulong ito ang hindi binabanggit na pangangailangan at kumilos sila nang may pag-ibig—isang maliwanag na palatandaan ng kanilang pagkadisipulo.

## Charity Is Helping Others Along the Covenant Path

## Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Pagtulong sa Iba sa Landas ng Tipan

Lastly, the Savior's perfect love is focused on enabling all of God's children to fulfill our divine potential that we may "partake of his salvation, and the power of his redemption."As we become more like our Master, our desire to help our brothers and sisters along the covenant path will naturally increase.

Panghuli, ang ganap na pag-ibig ng Tagapagligtas ay nakatuon sa pagbibigay-kakayahan sa lahat ng anak ng Diyos na maabot ang kanilang banal na potensyal upang tayo ay "makibahagi sa kanyang kaligtasan, at sa kapangyarihan ng kanyang pagtubos."Habang tayo ay nagiging higit na katulad ng ating Guro, likas na madaragdagan ang ating hangaring tulungan ang ating mga kapatid sa landas ng tipan.

For instance, we can uplift and befriend those who feel offended or forgotten, help those who are new to our congregation feel welcome, or invite friends to worship with us at sacrament meeting—perhaps this coming Easter. There are countless ways to encourage and assist others in their progression if we deliberately and prayerfully seek heaven's help to have eyes to seeand a heart to feel how Jesus Christ sees and feels for them.

Halimbawa, maaari nating pasiglahin at kaibiganin ang mga taong nasaktan ang damdamin at nadaramang nakalimutan sila, tulungan ang mga taong bago sa ating kongregasyon na madamang tanggap sila, o anyayahan ang mga kaibigan na sumambang kasama natin sa sacrament meeting—marahil sa paparating na Pasko ng Pagkabuhay na ito. May di-mabilang na paraan upang hikayatin at tulungan ang iba sa kanilang pag-unlad kung tayo ay kusa at mapanalanging maghahangad ng tulong ng langit na magkaroon ng mga mata upang makitaat ng puso upang madama kung paano sila nakikita ni Jesucristo at kung ano ang nadarama Niya para sa kanila.

Helping others along their covenant path may take the form of an unconventional act of service. As an example, during my current assignment in the Philippines, I learned of the Agamata family. They were baptized in 2023, and then they eagerly set a date to be sealed as a family in the nearby Urdaneta Philippines Temple. However, just before the family's appointment, several typhoons struck the region. Brother Agamata, a rice farmer, was unable to plant his crops during the harsh storms. When the tempests finally passed, he needed to quickly plant the rice while the ground was soaked with water—ideal conditions for planting. Sadly, the temple trip would have to be postponed.

Ang pagtulong sa iba sa kanilang landas ng tipan ay maaaring nasa anyo ng isang hindi nakaugaliang pamamaraan ng paglilingkod. Bilang halimbawa, sa aking kasalukuyang tungkulin sa Pilipinas, nalaman ko ang tungkol sa pamilya Agamata. Nabinyagan sila noong 2023, at pagkatapos ay sabik silang nagtakda ng petsa upang mabuklod bilang pamilya sa kalapit na Urdaneta Philippines Temple. Gayunman, bago ang appointment ng pamilya, ilang bagyo ang sumalanta sa rehiyon. Si Brother Agamata, isang magsasaka ng palay, ay hindi nakapagtanim ng kanyang mga pananim sa gitna ng malalakas na bagyo. Nang makalipas ang mga unos, kinailangan niyang bilisang magtanim ng palay habang basa pa ng tubig ang lupa—tamang-tamang kondisyon para sa pagtatanim. Sa kasamaang-palad, ang pagpunta sa templo ay kakailanganing ipagpaliban.

Two disciples, Elder and Sister Cauilan, along with three young service missionaries, heard of the Agamata family's struggle and offered help despite having no farming experience. Working under the blistering sun, they helped plant the seedlings, allowing the Agamatas to complete their task and attend their temple sealing as scheduled. Elder Cauilan observed that "[the Agamatas'] countenances glowed as we saw them dressed in white in the house of the Lord.

Dalawang disipulo, sina Elder at Sister Cauilan, kasama ang tatlong bata pang service missionary, ang nakarinig tungkol sa paghihirap ng pamilya Agamata at nag-alok na tumulong kahit na wala silang karanasan sa pagtatanim. Nagtatrabaho sa ilalim ng matinding sikat ng araw, tumulong silang itanim ang mga punla, tinutulutan ang mga Agamata na matapos ang kanilang gawain at dumalo sa kanilang pagbubuklod sa templo tulad ng nakaiskedyul. Napansin ni Elder

The joy we felt ministering to the one is a joy beyond compare!"

Cauilan na "ang mukha [ng mga Agamata] ay nagningning nang makita namin silang nakasuot ng puti sa bahay ng Panginoon. Ang kagalakang nadama namin sa paglilingkod sa isa ay isang kagalakang walang katulad!"

The Agamatas now enjoy the rich blessings of being sealed as an eternal family because a few fellow disciples who were filled with charity—a sign of their discipleship—determined to help their brothers and sisters forward along their covenant path.

Natatamasa na ngayon ng mga Agamata ang mga saganang pagpapala ng pagkabuklod bilang walang hanggang pamilya dahil ang ilang kapwa disipulo na puno ng pag-ibig sa kapwa-tao—isang palatandaan ng kanilang pagkadisipulo—ay nagpasiyang tulungan ang kanilang mga kapatid na sumulong sa kanilang landas ng tipan.

Brothers and sisters, discipleship of Jesus Christ is the only way to obtain enduring happiness. It is a path filled with deliberate and purposeful acts of love toward others. While the path of discipleship may be difficult and challenging, and while at times we may struggle and fall short, we can take comfort that God is mindful of us and yearns to help us every time we try. Isaiah reminds us that "God will hold [our] hand, saying … , Fear not; I will help thee."

Mga kapatid na lalaki at babae, ang pagkadisipulo kay Jesucristo ang tanging paraan upang makamit ang walang hanggang kaligayahan. Ito ay isang landas na puno ng kusa at nilayong pagkilos na may pag-ibig sa iba. Bagaman maaaring mahirap at puno ng hamon ang landas ng pagkadisipulo, at bagaman kung minsan ay mahihirapan at magkukulang tayo, mapapanatag tayo kapag inisip natin na inaalala tayo ng Diyos at nasasabik Siyang tulungan tayo sa bawat pagsisikap natin. Ipinapaalala sa atin ni Isaias na "Diyos ang humahawak ng [ating] kamay; [nagsasabing] … , Huwag kang matakot, ikaw ay aking tutulungan."

With this assurance from our Father in Heaven in mind, I earnestly pray that we may follow President Nelson's invitation to prioritize our discipleship. May we "pray unto the Father with all the energy of heart" to "be filled with this love, which he hath bestowed upon all who are true followers of his Son, Jesus Christ; … that when he shall appear we shall be like him"because we will carry a sign of true discipleship, which is "charity … the pure love of Christ."

Nasasaisip ang katiyakang ito mula sa ating Ama sa Langit, taimtim akong nananalangin na sundin natin ang paanyaya ni Pangulong Nelson na unahin ang ating pagkadisipulo. Nawa tayo ay "manalangin sa Ama nang buong lakas ng puso" upang "mapuspos ng ganitong pag-ibig, na kanyang ipinagkaloob sa lahat na tunay na mga tagasunod ng kanyang Anak, si Jesucristo; … na kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya"dahil dadalhin natin ang palatandaan ng tunay na pagkadisipulo, na "pag-ibig sa kapwa-tao … dalisay na pag-ibig ni Cristo."

I testify that Jesus Christ is our living, glorious Savior, Redeemer, Exemplar, and Friend. In the name of Jesus Christ, amen.

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating buhay na maluwalhating Tagapagligtas, Manunubos, Halimbawa, at Kaibigan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.